# PAG-UNAWA SA DI-BERBAL NA KOMUNIKASYON

1
ARALIN

## TALAAN NG MGA TATALAKAYIN

- Panimula
- Shh... Dito ito inilalagay
- Ano ang Gusto Kong Iparating sa Inyo?
- Nasa Delivery
- Konklusyon
- Pagtatasa sa Estudyante

## MGA LAYUNIN

Matutukoy ng mga estudyante ang mga di-berbal na pahiwatig.

Masusuri ng mga estudyante ang mga di-berbal na pahiwatig upang matukoy ang mga mensahe na kanilang ipinahahatid.

Maipapakita at mailalapat ng mga estudyante ang di-berbal na komunikasyon sa mga sitwasyon sa totoong buhay.

Masusuri ng mga estudyante ang kahalagahan ng mga di-berbal na pahiwatig sa komunikasyon.

## MGA KINAKAILANGANG MATERYALES

- Dalawang larawan ng mga mukha, ang isa ay nagpapakita ng positibong emosyon at ang isa ay nagpapakita ng negatibong emosyon (Panimula)
- Mga kopya ng activity sheet na "Set ng mga Kuwadradong Puzzle" , ginupit sa mga piraso para sa bawat grupo na may tatlong estudyante (Bahagi I)
- Limang index card, na bawat isa ay may nakasulat na isa sa mga sumusunod na emosyon: kasiyahan, kalungkutan, galit, takot, o pag-aalala (Bahagi II)
- Mga sitwasyong mula sa tunay na buhay na ginawa ng estudyante o guro na nagpapakita ng malinaw na mga di-berbal na mensahe (halimbawa: mababang marka sa pagsusulit, reaksyon sa isang usap-usapan) (Bahagi III)
- Isang kopya ng activity sheet na "Sheet ng Pagpuna" para sa bawat grupo (Bahagi III)

# Panimula

3 Minuto

Ipakita sa mga estudyante ang mga larawan ng mga mukha. Sabihin sa mga estudyante na tukuyin kung anong emosyon ang ipinapakita ng bawat larawan. Ipapaliwanag sa mga estudyante ang kanilang mga sagot. Dapat banggitin ng mga estudyante ang mga di-berbal na pahiwatig na makikita sa mga ekspresyon ng mukha.

Ipaliwanag sa mga estudyante na matututuhan nila sa araling ito kung paano magbigay-kahulugan at gumamit ng di-berbal na komunikasyon.

# Bahagi I: Shh… Dito Ito Inilalagay

15 Minuto

Layunin: Matuklasan ng mga estudyante ang konsepto ng di-berbal na komunikasyon sa pamamagitan ng paggawa ng isang puzzle sa isang maliit na grupo.

**1. Magtutulungan ang mga estudyante sa grupo ng tatlo upang tahimik na pagsasama-samahin ang isang square puzzle.**

Pagpangkatin ang mga estudyante sa tatlong grupo. Bigyan ang bawat grupo ng ginupit na kopya ng activity sheet na "Set ng mga Kuwadradong Puzzle". Basahin nang malakas sa klase ang sumusunod na mga tuntunin:

- May pitong minuto ang bawat grupo upang pagsamahin ang puzzle nang hindi kinakausap ang isa't isa.
- Madidiskwalipika ang sinumang grupo na magsasalita o magsusulat ng mga tala.
- Kapag nakumpleto na ng mga grupo ang puzzle, dapat nilang takpan ang solusyon at itaas ang kanilang mga kamay. Pupunta ako para tingnan ang solusyon.

Imungkahi na habang nagtutulungan ang mga estudyante na buoin ang puzzle, bigyan nila ng pansin ang interaksyon sa loob ng kanilang grupo. Orasan ang aktibidad.

**2. Tutukuyin ng mga estudyante ang mga di-berbal na pahiwatig na kanilang ginamit.**

Hilingin sa mga grupo na ilista ang kanilang naobserbahan habang binubuo nila ang puzzle.

Magtanong kung paano nakipag-usap ang mga miyembro ng team. Ipatukoy sa mga estudyante ang positibo at negatibong mga mensaheng di-berbal na nakita nila sa aktibidad na ito at kung paano naihatid ang mga mensaheng ito. Dapat kasama sa mga tugon ng estudyante ang pakikipagtitigan, ekspresyon ng mukha, gesture, at galaw ng katawan. Isulat ang mga tugon ng estudyante kung saan makikita ng lahat. Sasangguni ka sa listahang ito sa Bahagi III.

**3. Tatalakayin ng mga estudyante ang kahirapan ng gawain.**

Itanong sa mga estudyante kung madali ba o mahirap ang gawain. Ipapaliwanag sa mga estudyante ang kanilang mga sagot.

Itanong sa mga estudyante kung ano ang naramdaman nila noong una nilang sinubukang buoin ang puzzle. Magtanong kung nagbago ang kanilang pakiramdam at kung ang di-berbal na komunikasyon ay naging mas madali sa paglipas ng panahon.

**4. Pag-aaralan ng mga estudyante ang kanilang karanasan.**

Sabihin sa mga estudyante na magiging mas madaling buoin ang puzzle kung pinahintulutan silang magsalita, ngunit gusto mong makaranas sila ng di-berbal na komunikasyon. Ipaliwanag na maraming paraan ng komunikasyon maliban sa pagsasalita

Ipabuod sa mga grupo ang kanilang karanasan sa isa't isa at ipaliwanag ang anumang mga pananaw na naganap sa kanila sa panahon ng laro at talakayan sa klase. Libutin ang silid at isulat ang ilan sa mga pananw na narinig mo. Siguraduhing magbahagi ng kahit isa man lang mula sa bawat grupo sa buong klase.

Sabihin sa mga estudyante na pangalanan ang mga paraan ng komunikasyon na hindi nangangailangan ng pagsasalita. Tumawag ng isang volunteer upang suriin ang listahan ng mga paraan ng komunikasyon nang di-berbal.

# Bahagi II: Ano ang Gusto Kong Iparating sa Inyo?

10 minuto

Layunin: Nararanasan at nauunawaan ng mga estudyante ang kapangyarihan ng di-berbal na pahiwatig.

**1. Ipapakita ng mga estudyante ang di-berbal na komunikasyon.**

Tumawag ng limang volunteer. Bigyan ang bawat volunteer ng index card na may nakasulat na emosyon. Sabihin sa mga volunteer na ipaalam sa klase ang kanilang itinalagang emosyon gamit lamang ang mga di-berbal na pahiwatig. Ipasulat sa mga estudyante ang mga emosyon na sa tingin nila ay sinusubukang ipahiwatig ng mga volunteer.

Bilang isang klase, sabihin sa mga estudyante na ibahagi ang kanilang isinulat. Ipatukoy sa mga volunteer ang emosyon na sinubukan nilang ipahayag.

**2. Ipapaliwanag ng mga estudyante kung bakit ang pagtukoysa mga di-berbal na pahiwatig ay makakatulong sa kanila na maunawaan ang iba.**

Sabihin sa mga estudyante na ipinarating ng mga volunteer ang mga emosyon sa pamamagitan ng mga gesture, ekspresyon ng mukha, at galaw ng katawan. Sabihin sa mga estudyante na tukuyin ang mga gesture, ekspresyon ng mukha, at galaw ng katawan na ginamit ng mga volunteer upang maipahayag ang mga emosyon. Ilista ang mga tugon kung saan makikita ng lahat.

Itanong kung paano makatutulong ang pagkilala sa mga mensahe ng di-berbal na komunikasyon. Idirekta ang mga estudyante sa pag-unawa na makatutulong sa kanila ang kaalaman tungkol sa

di-berbal na komunikasyon na matukoy kung ano talaga ang nararamdaman at iniisip ng isang indibidwal.

**3. Ipapaliwanag ng mga estudyante kung paano makatutulong sa kanila ang paggamit ng mga di-berbal na pahiwatig sa pakikipag-usap sa iba.**

Ipatukoy sa mga estudyante kung paano nila gustong makita sila ng iba. Ipatukoy sa kanila kung anong larawan ang gusto nilang ipakita kapag nakikipagpanayam para sa isang trabaho, kapag nakikipag-usap sa isang bagong estudyante, o sa ibang mga sitwasyon sa totoong buhay. (Maaaring tumugon ang mga estudyante: palakaibigan, may tiwala sa sarili, makapangyarihan, atbp.) Hilingin sa mga estudyante na ipakita o ipaliwanag kung paano nila maipapahayag ang mga katangiang ito nang di-berbal.

Sabihin sa mga estudyante na ipaliwanag kung bakit puwedeng maging isang mahalagang kagamitan na gagamitin ang epektibong di-berbal na komunikasyon. Tulungan silang maunawaan na makapagpapalakas sa mensahe na nais nilang iparating ang epektibong di-berbal na komunikasyon.

**4. Ibubuod ng mga estudyante ang kanilang natutunan.**

Ipabuod sa mga estudyante ang kanilang natutuhan tungkol sa di-berbal na komunikasyon. Kung kailangan ng mga estudyante ng panimulang gabay, ipaliwanag ang sumusunod:

- Nakakaranas tayo lahat ng di-berbal na komunikasyon araw-araw.
- Ginagamit natin itong lahat upang maunawaan kung ano ang ipinapaalam sa atin ng mga tao.
- Nagpapadala tayo ng mga di-berbal na mensahe sa pamamagitan ng ating mga ekspresyon sa mukha, galaw ng katawan, mga gesture, at pakikipagtitigan.
- Puwedeng gawing mas malakas at mas malinaw ng epektibong di-berbal na komunikasyon ang ating mga mensahe.

# Bahagi III: Nasa Delivery

20 Minuto

Layunin: Isasagawa ng mga estudyante ang kanilang natutunan tungkol sa di-berbal na komunikasyon sa pamamagitan ng pagsasadula ng mga pang-araw-araw na sitwasyon.

**1. Maghahanda ang mga estudyante na isadula ang epektibong di-berbal na komunikasyon.**

Ipaliwanag sa mga estudyante na isasadula nila ang iba't ibang sitwasyon kung saan mahalaga ang di-berbal na komunikasyon bilang paraan ng pagpaparating ng mensahe. Ang layunin ng mga pagsasadula na ito ay gamitin ang kanilang mga kasanayan sa di-berbal na komunikasyon upang epektibong ipahiwatig ang punto. Sabihin sa mga estudyante na susuriin ng klase ang bawat pagganap.

Pabalikin ang mga estudyante sa kanilang mga grupo mula sa Bahagi I ng araling ito. Bigyan ang bawat grupo ng isa sa mga senaryo na nangyayari sa totoong buhay at ipahanda sa kanila ang kanilang pagsasadula.

**2. Ipinresenta ng mga estudyante ang kanilang mga role play.**

Sabihin sa bawat grupo na ipakita sa klase ang kanilang pagsasadula. Ipaobserbahang mabuti sa mga estudyante ang di-berbal na komunikasyon na nagaganap. Sa ilan sa mga pagsasadula, sabihin sa mga gumaganap na mag-freeze. Ipaliwanag na kapag narinig ito ng mga estudyante, dapat silang mag-freeze sa kanilang kasalukuyang mga pose. Tahimik na sabihin sa isang estudyante na nagsasadula na baguhin ang kanilang mga di-berbal na mensahe upang sumalungat sila sa mga berbal na mensahe na kanilang ipinapadala. Pagkatapos maipakita ang bawat senaryo, bigyan ang mga grupo ng isang minuto o dalawa para punahin ang mga pagganap. (Tingnan ang hakbang 3 sa ibaba.)

**3. Pupunahin ng mga estudyante ang mga pagganap.**

Pagkatapos ng unang pagganap, ipamahagi ang isang kopya ng activity sheet na "Sheet ng Pagpuna" sa bawat grupo. Ipatukoy sa mga grupo ang mga pamamaraan ng di-berbal na komunikasyon na ginagamit sa bawat pagganap at suriin ang kanilang pagiging epektibo. Linawin sa mga estudyante na hindi nila hinuhusgahan ang pagganap ng pag-arte, ngunit tinitimbang ang kaangkupan ng di-berbal na komunikasyon na ginagamit sa pagsasadula.

**4. Tutukuyin ng mga estudyante ang mga halimbawa ng mabuting di-berbal na komunikasyon.**

Pagkatapos ng pagganap at Pagtatasa ng mga estudyante, tanungin ang bawat grupo ng isang halimbawa mula sa mga senaryo na nagpapakita ng makapangyarihan at epektibong di-berbal na komunikasyon.

**5. Tatalakayin at pag-aaralan ng mga estudyante ang magkasalungat na mensahe.**

Sabihin sa mga estudyante na alalahanin ang magkasalungat na mensahe na ipinakita nang ihinto mo ang ilan sa mga pagsasadula. Tanungin ang mga estudyante kung mas malakas ba ang berbal o di-berbal na mga pahiwatig.

# Konklusyon 2 Minuto

Hilingin sa mga estudyante na pangalanan ang mga halimbawa ng di-berbal na komunikasyon na nangyayari sa kanilang pang-araw-araw na buhay. Itanong sa kanila kung paano puwedeng maging makapangyarihang kagamitan ang paggamit ng di-berbal na komunikasyon. Kunin sa mga estudyante ang mga sumusunod na pangunahing punto na itinuro sa araling ito:

- Ipinapahayag ng mga tao ang kanilang mga saloobin at damdamin nang di-berbal.
- Ang pagbibigay-pansin sa mga ekspresyon ng mukha, gesture, pakikipagtitigan, at galaw ng katawan ay nagbibigay-daan sa atin na maunawaan ang mga di-berbal na mensahe.

- Palaging nagpapadala ang mga tao ng mga di-berbal na mensahe; maaari tayong matuto na matukoy at bigyang-kahulugan ang mga di-berbal na mensahe ng iba.
- Ang mga tao ay may kakayahang kontrolin ang mga di-berbal na mensahe na kanilang ipinapadala.

# Pagtatasa sa estudyante

1. Ilarawan ang tatlong sitwasyon noong nakaraang linggo kung saan nakipag-ugnayan ka nang di-berbal.
2. Ilarawan ang isang sitwasyon kung saan nagsasabi ng isang bagay ang mga salita ng isang tao at iba naman sinasabi ng kanilang di-berbal na komunikasyon.
3. Ilarawan ang mga angkop na paraan upang makipag-usap nang di-berbal sa iyong mga kaibigan, sa klase, at sa isang panayam sa trabaho.

# MGA PAGPAPALAWIG NG ARALIN

## PAGGAMIT NG MGA SIPI

“Ang pinakamahalagang bagay sa komunikasyon ay ang marinig kung ano ang hindi sinasabi.”

Ipasulat sa mga estudyante ang kahulugan ng kasabihang ito. Ipasalaysay sa kanila ang isang karanasan na puwedeng sumuporta sa kasabihang ito.

## PAGTUGON SA IBA'T IBANG ESTILO NG PAGKATUTO

Hilingin sa mga estudyante na obserbahan ang ibang tao at pansinin ang di-berbal na komunikasyon na kanilang nasaksihan sa isang araw. Ipatalakay sa klase ang likas na katangian ng kanilang mga obserbasyon (hal., mga sitwasyon kung saan higit na nakikita sa di-berbal na komunikasyon, kung ano ang ipinahayag).

## PAGSUSULAT SA IYONG JOURNAL

Hilingin sa mga estudyante na magsulat tungkol sa isang pangyayari kung saan isang mahalagang bahagi ng isang mensahe na kanilang ibinigay o natanggap ang di-berbal komunikasyon.

Ipabahagi sa mga volunteer ang kanilang isinulat sa klase o ipabasa sa mga estudyante ang mga journal ng bawat isa at magsulat ng maikling tugon.

# PAGGAMIT NG TEKNOLOHIYA

Ipapanood sa mga estudyante ang isang clip ng unang bahagi ng isang sikat na sitcom. I-play ang clip na ito nang naka-off ang tunog.

Sabihin sa mga estudyante na hulaan ang takbo ng kwento at ilarawan ang mga di-berbal na komunikasyon na sumusuporta sa kanilang mga hula. I-replay ang clip na nakabukas ang tunog para matukoy nila ang katumpakan ng kanilang mga hula

# TAKDANG-ARALIN

Ipasaliksik sa mga estudyante ang naaangkop na hindi pasalitang pag-uugali sa ibang mga bansa.

Hayaang ipakita at ipaliwanag sa mga estudyante ang wastong di-berbal na etiquette sa ibang bahagi ng mundo.

# MGA KARAGDAGANG RESOURCE

Imbitahan ang isang abogado sa pagdinig upang magbahagi tungkol sa hindi pasalitang komunikasyon sa pagpili ng hurado, sa pagpapakilala ng akusado, at sa pakikisalamuha sa hukom at hurado.

Hayaan ang mga estudyante na magsulat ng mga tala at gumawa ng buod.